REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City Philippines

PHILIPPINES 2000

Sama-Sama sa DECS

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Abril 26 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 210 s 2000

## PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO

Sa mga Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralang Elementarya at Sekundarya
Administrador ng mga Paaralang Bokasyonal at Teknolohiya

1 Ang Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino/PSWF R XII sa Mindanao State University/MSU Marawi ng Komisyon sa Wikang Filipino/KWF ay magdaraos ng Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Filipino na gaganapin sa MSU Gymnasuim Mindanao State University Lungsod ng Marawi sa Agosto 15-17 2000 para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2000 na itataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino

2 Ang paksang diwa sa gawaing-kapulungang ito ay Ang Pagtuturo sa Filipino sa Iba t Ibang Disiplina Ang layunin at inaasahang kalalabasan ay ang mga sumusunod

a Makatutulong sa pagpapataas ng antas ng pagtuturo sa Filipino sa Agham Matematika at Araling Panlipunan
b Maituro isa isa at maging malinaw ang mga saligang teorya sa paggamit ng Filipino sa iba t ibang disiplina
c Matalakay ang bisa at kahalagahan ng Filipino sa pag aaral ng Agham Matematika at Araling Panlipunan at
d Higit sa lahat, ito ay isang paraan ng intelektwalisasyon ng Filipino sa larangan ng pagtuturo

3 Inaasahang dadalo sa seminar worksyap na ito ang mga superbisor koordineytor guro sa Filipino at puno ng Kagawaran ng Filipino sa antas sekundarya at elementarya o sinumang kinatawan na ipadadala ng namumuno sa mga paaralan at tanggapan ng DECS Kalakip ang tentatibong programa ng mga gawain

4 Ang bayarin para sa rehistrasyon ay Pitong Daang Piso (P700 00) para sa tanghalian, limang (5) meryenda seminar bag at mga nilalaman nito Ang mga magmumula sa mga pampublikong paaralan ay pinahihintulutang dumalo sa <u>opisyal na oras lamang</u> Ang mga magsisidalo naman na mula sa pribadong paaralan ay maaaring makipag ugnayan sa kanilang mga pinuno o administrador

5 Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

ANDREW GONZALEZ FSC
Kalihim

Kalakip Gaya ng nasasaad

Sanggunian Wala

Pamumudmod 1—(D O 50 97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

Learning Area FILIPINO
SOCIETY or ASSOCIATIONS

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg 210, 000)

Pambansang Seminar Workshop Pagtuturo sa Filipino ... Disiplina Agosto 15 17 200 MSU ...
Lungsod ng Marawi

PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN

| ORAS | Unang Araw (Agosto 15) | Ikalawang Araw (Agosto 16) | Ikatlong Araw (Agosto 17) |
|---|---|---|---|
| 8 00 9 00 n u | Pagpapatala | | |
| 9 00-10 00 | Pambungad na Palatuntunan | | |
| 8 00 10 00 | | | Ebalwasyon |
| 10 00 1? 00 | | | Proklamasyon ... mga Nagwagi |
| 8 00 1? 00 n u | | Pangkatang Gawain (silabus/lesson plan) | |
| 10 15 11 00 | Teknikal na Filipino *Filipino sa Pagtuturo ng Agham* | | |
| 11 00 11 45 | Pakitang Turo | | |
| 11 45 12 00 | Open Forum | | |
| 12 00 1 00 n h | *Pananghalian* | *Pananghalian* | |
| ? 00 5 00 n h | | Presentasyon at Pakitang Turo | |
| 1 00 1 15 | Pampasiglang mga Awit | | |
| 1 15 2 00 | *Filipino sa Pagtuturo ng Matematika* | | |
| 2 00 2 45 | Pakitang Turo | | |
| 2 45 3 00 | Open Forum | | |
| 3 00 3 15 | Snack | | |
| 3 15 4 30 | Pagpapangkat pangkat batay sa Rehiyon at Antas | | |
| 6 00 g | Sining Kambuyaka | Sining Pananadem | |